SEPTEMBER 2011
ISSUE 38
IPINAMIMIGAY NG LIBRE

FILIPINO MAGAZINE

PAG-USAPAN

PO NATIN !

مجلة لنتحاور ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد الثامن والثلاثون

KAY TAGAL MO NANG NAWALA



المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف
24756706-24712574
جمعية النجاة الخيرية

CAMS
معهد كامز للتدريب الأهلي
CENTRE FOR COMPUTER & MANAGEMENT STUDIES

LIBRENG PAG-AARAL NG ARABIK PARA SA MGA PILIPINO

(With Certificate)

جمعية النجاة الخيرية



For reservation and registration

Tawag lang sa 24712574 or 24756796

Extention 102 sa mga lalaki, Extention 116 sa mga babae

Office Hours: Sundays to Fridays, Morning 8:00– 1:00, Evening 4:30 – 8:30

KPCCenter is Closed on Saturdays

ARABIC CLASS 2011 – 2012 SCHEDULE OF CLASSES & REGISTRATION

BATCH	REGISTRATION PERIOD	DURATION OF CLASSES
1st Batch	January 1 - 31, 2011	February - May 2011
2nd Batch	May 1 - 31, 2011	June - September 2011
3rd Batch	September 1 - 30, 2011	October 2011 - January 2012

Mag-aral Bumasa at Sumulat ng Arabik sa Loob Lamang ng Apat na Buwan

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center

UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ··· لنتعارف

SEPTEMPER.indd 2 9/20/11 10:26:05 AM

ICSA INTERNATIONAL INSTITUTE OF COMPUTER SCIENCE & ADMINISTRATION

Ang Unang Filipinong Akademiya ng Computer Sa Kuwait

Be Professional in

LEARN Secretarial & Managerial Jobs!

Office Management Just in 3 Months

Professional Filipino Teachers



HOW CAN I?

How can I effectively write business correspondence?
How can I have an efficient filing system?
How can I develop my personality?
How can I manage my work well?
How could I perform my office jobs efficiently and effectively?
How could I organize my schedules and tasks in my office faster and easier using Microsoft Outlook?

Office Management

Office Management is very special course that would definitely provide all the necessary secretarial and management job information that you need. This course will include secretarial procedures, developing an effective personality and positive job attitude, becoming part of an office team, reception work, incoming mail/ outgoing mail, telephonic techniques, filing systems and record management.

100% Job Oriented Course

Kuwait City, Maliya, Behind KFC, Panasonic Tower , 8th Floor

Tel: 22467301 - 99302850

www.icsa.us

KPCC Sentrong Pangkultura

facebook®

facebook.com/kpccenter



Makinig Araw-araw, 1:00 - 3:00 P.M.
Tagalog Program ng Radio Kuwait
FM 93.3 khz . AM 963 khz.

Laptop Repair

May problema ka ba sa iyong Laptop?



Huwag nang Mag-alala! Sagot ng CITC ang Problema Mo!

Free Diagnosis!

Garantisadong Serbisyo Para Sa Mga Sumusunod!

- No Display
- No Power
- Slow Respond
- Virus Removal



A complete solution for all brands of Laptops software & Hardware problems

CITC. Kuwait City 66001263 - 22403408

3 MALAYA AKO NGUNIT MAPANAGUTAN
أنا حر ولكن ذو مسؤلية

4 Dear Kuya Eli: "BUHAY OFW"
لماذا يمكث العاملون وقتاً طويلاً خارج البلاد

6 PANULAANG FILIPINO
القصيدة

8 ANG DATING DAAN
الديانة السابقة

10 PINOY RECIPE
تعليم الطبخ - الفلبيني

11 ISYUNG PANGKALUSUGAN
مرض السكر

12 BERRR MONTHS NA NAMAN
موسم الشتاء

13 TIPIKAL NA MGA PRUTAS SA MINDANAO Part 4
انواع الفاكهة في ميندناو

14 MAGTAWANAN TAYO
طرائف تجالوج

15 MGA ARAL NA ATING NATUTUNAN
العلوم التي اكتسبنا

16 TANONG AT SAGOT: Mga Contraceptives
سؤال وجواب

17 PAG-ARALAN ANG ARABIK Lesson 26
تعليم اللغة العربية

18 BASA A MORO
لغة مورو

20 BISAYA
لغة بيسايا

21 BISAYA JOKES
طرائف بيسايا



Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nagaanyaya sa lahat upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, magpadala ng e-mail sa:

pagusapan@gmail.com

FILIPINO MAGAZINE PO NATIN !
PAG-USAPAN

Chief Patron
Mohammad Ismail Al-Ansari
Editor
Ullessis F. Abaya
Columnists:
Joselito Tabing
Joshua Barbas
Abdul Qadir Laja
Issa Mohammad Tragua
Ust. Abubaidah Salud Satol
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Wahibie Tamama
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Mailyn Rodriguez
Usta. Pahima Guiabal
Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Bro. Muhammad F. Sumaway
Bro. Ahmad Yusuf Abaya
Usta. Halima Mantawil

Designer
Nader Bellal
PUBLISHED BY
KPC Center
Farwaniya, Block 1
Street 74 corner Street 72
Building 12
Phone 24712574, 24756796
Fax (965) 24712574 (102)
Hotline: 97802777
www.kpccenter.com
www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea
General Director
Ust. Marouf Baraguir Ali
Head, Men Section
Usta. Halima Mantawil
Head, Women Section

مؤسسة زخرف للدعاية والإعلان
Zukhruf Advertising Agency

MALAYA AKO NGUNIT MAPANAGUTAN



Maraming teen-ager na katulad mo ang nagnanais na maging malaya at magawa ang lahat ng bagay na ibig. Marahil, isa ka rin sa nagnanais nito, tama ba ako? Ano nga ba ang maging malaya? Basta ba nagagawa mo ang iyong naisin ay malaya ka na? Ano ang tunay na kahulugan ng pagiging malaya?

Ang kalayaan ay handog ng Diyos na tao lamang ang pinagkalooban. Kung gagamitin ito nang mapanagutan magsisilbi itong puhunan upang mapaunlad ang ating sarili. Subalit kung aabusuhin ang paggamit nito baka ito pa ang magbigay daan sa iyong kabiguan at kalungkutan. Di iilang kabataang katulad mo ang nasadlak sa kaawa-awang kalagayan sanhi ng maling paggamit ng kalayaan. Ang akala nila ay walang kalakip na pananagutan ang kalayaan. Ang akala nila ay nagagawa nila ang lahat ng kanilang nais. Subalit hindi ito ang tunay na kahulugan ng kalayaan. Aton kay Esteban ang konsepto ng kalayaa'y hindi nangangahulugan na nagagawa mo ang lahat ng iyong naisin, sa halip, ito ang karapatan mong gawin ang nararapt upang makamit ang pinakamataas at pinakadakilang layunin ng ating kalikasan.

Sa tulong ng Edukasyon sa Pagpapahalaga tinutulungan kang matutong tanggapin ang pananagutan sa anumang kilos at pagpapasyang ginawa mo. Paano mo malalaman kung naging mapanagutan ka sa paggamit ng kalayaan. Narito ang ilang palatandaan. UNA, kung naisaalang-alang mo ang kabutihang pansarili (personal good) at ang kabutihang panlahat (common good). PANGALAWA, kung handa kang harapin ang anumang kahihinatnan ng iyong pagpapasya. PANGHULI, kung ang iyong pagkilos ay hindi sumasalungat sa natural na batas at batas moral. (Project EASE, bse.portal.ph)

MAHUSAY NA TRABAHO

May isang lalaking nangangailangan ng karpintero upang gumawa ng kanyang nasirang bakuran. Isang matipunong binata ang pumunta sa kanya. "Nais kong gawin mo ang bakod na ito, ngunit ayokong gumastos nang malaki. Ikaw na ang bahala, may mga kahoy na luma dito, baka maaari mo pang magamit upang makabawas sa gagastusin ko. Huwag mo ng pagandahin, ang mahalaga lamang sa akin ay maitayo mo ang bakod. Babayaran kita ng P 200.00 kapag natapos mo ito. Babalik ako bukas para bayaran ka," wika ng lalaki. Kinabukasan, dumating siya upang inspeksyunin ang kanyang ipinagawa. Laking gulat niya ng makita na napakaganda ng pagkakagawa sa kanyang bakuran. Nag-alala siya baka maningil nang mahal ang binatang karpintero. Dahil dito, tinawag niya ito. "Bakit pinaganda mo pa? Puwede naman kahit hindi gaanong maganda tutal bakod lamang naman ito. Magkano ba ang kailangan kong idagdag?" tanong ng lalaki. "Wala po kayong dapat alalahanin. Kung ano lang po ang ating napag-usapan, iyon lamang po ang iyong ibayad. Ang mahalaga po ay nagawa ko nang maayos ang ipinagagawa ninyo. Kahit bakod lang ito at matatakpan ng mga halaman kailangan pag-ayusin ko pa rin po ang aking gawain," tugon ng binata.

Makalipas ang ilang taon, may nakuhang kontrata ang lalaking nagpagawa ng bakod. Siya ang namahala sa konstruksyon ng ilang gagawing pampublikong gusali. Maraming aplikante ang nakapila subalit isang pamilyar na mukha ang nakita niya. Ang binatang gumawa ng kanyang bakod. Siya ang pinagkalooban niya ng kontrata dahil alam niyang responsible at mahusay itong magtrabaho. Ito ang naging daan sa kanyang pag-unlad. (Halaw mula sa The Next 500 Stories, ni Fr. Frank Mihalik)



SEPTEMPER.indd Sec1:3 9/20/11 10:26:12 AM



Dear Kuya Eli...

By Constantine Guitang

BAKIT NAGTATAGAL ANG ISANG OFW SA IBANG BANSA?

Ullessis Abaya
ullessis@yahoo.com

Ang drama pag-alis ng isang OFW ay ganito:

OFW: "Hayaan mo anak, dalawang taon lang ako sa Kuwait. Pagdating ko, may pasalubong kang PSP sa akin."

Anak: "Gusto ko yung latest na PSP 'nay ha. Ingat kayo lagi doon."

Asawang maiiwan: "Sulat ka agad pagdating mo doon ha, para hindi kami mag-aalala sa 'yo."

OFW: "Oo, pagkaapak ko sa Kuwait, susulat ako agad, promise."

Dalawang taon lang, dahil yun ang kadalasang kontrata sa mga OFW ng kompanyang papasukan nila. Pero bago sumapit ang katapusan ng kanilang kontrata, inaayos na nila ang mga papeles na kakailanganin para sa susunod na kontrata nila. Maaring sa susunod na dalawang taon uli. At maging sa mga susunod pang dalawang taon hanggang sa hindi natin alam kung kailan nga ba maiisipan ng isang OFW na tumalaga na sa ating bansa.

Naisip n'yo ba kung bakit kapag naranasan na ng isang Pinoy na mangibang bansa, tila ayaw na nilang bumalik pa dito sa ating bansa? Mabuti na lang at hindi panghabang-buhay ang kontratang pinipirmahan, kaya't ang paliparan nati'y nadadapuan pa rin ng mga balikbayan.

Bakit nga ba nagtatagal ang isang OFW sa ibang bansa?

May anak o kapatid na pinapag-aral

Isa ito sa pinakamaraming dahilan kung bakit ang dalawang taong kontrata ay kulang na kulang para maisipan ng isang OFW na tumigil na sa pag-aabroad. Kung ang anak ay nasa Kinder 2 pa lang, anim na taon pa ang gugugulin sa elementarya, apat na taon sa high school at apat o limang taon sa kolehiyo. Sasabihin ko sanang mas masuwerte ang mga OFW na ang papag-aralin ay kapatid na magkokolehiyo na dahil apat na taon lang ang ilalagi sa ibang bansa, pero, pero teka, nalaman ng pinsan ang roaming number ng OFW kaya't nakiusap si-lang 'Sana man lang, tulungan mo naman kaming maka-pag-aral, total gra-graduate naman na ang kapatid mo. Sabuyan mo naman kami ng grasya na mga pinsan mo ate. Please naman.' Kailan pa mauubos ang mga kamag-anak na gustong mag-aral?

Tila walang pinatutunguhan ang perang pinapadala sa Pinas

Sa dami ng napupuntahan ng perang pinapadala ng isang OFW sa Pilipinas, mapa-sampung libo o limampung libo man ang ipapadala, tumaas man ang palitan ng dolyar sa black market, bumaba man ang pagpapa-remit sa abroad, tila kulang pa rin ang malaking sahod nila sa ibang bansa. Bakit? Dahil habang lumalaki ang kita ng isang pamilyang Pinoy, lumalaki din ang pangangailangan o mas mainam sigurong sabihing mas lumalaki ang gustong pagkakagastusan. Dalawampung libo kada buwan ang sahod, gusto may katulong ang naiwan sa Pinas. Tatlumpong libo kada buwan, gustong magkaroon ng Honda Civic. Apatnapong libo kada buwan, gustong magbakasyon sa Singapore ang buong pamilya. Limampung libo? Parang kulang ang isang blog post para isa-isahin natin kung saan gustong gamitin ng isang OFW ang sahod.

Walang planong magpatayo ng sariling pangkabuhayan

Karamihan sa mga OFW, pag-alis sa ating bansa, wala sa kanilang plano ang mag-ipon para sa negosyo. Mag-ipon para sa malaking bahay siguro, pero pangkabuhayan, saka na nila iisipin kapag nakapag-ipon na ng malaki-laki. Pero dahil kadalasa'y tamang-tama lang ang ipinapadalang pera buwan-buwan ng isang OFW, mukhang matagal-tagal pa bago makapag-ipon para sa sariling negosyo. At KUNG sakali mang nakapag-ipon na, "Anong negosyo naman ang ipapatayo ko?" tanong ng isang OFW. May mga OFW na nagtanong na sa akin

SEPTEMPER.indd Sec1:4 9/20/11 10:26:15 AM

kung ano bang magandang negosyo para sa perang naipon nila? Ang madalas na sagot ko'y 'Ano bang hilig mong gawin na pwede sanang pagkakitaan mo?' At doon na nagsisimula ang mga pangarap nilang

"Gusto ko sanang magkaroon ng internet café kasi mahilig talaga akong mag-Friendster at mag-chat pero malaki bang kikitain sa computer shop?."

"Gusto ko sanang magkaroon ng restaurant dahil mahilig ako sa fine dining pero baka kulang naman naipon ko."

"Gusto sana ng mga kasama kong Pilipino dito sa Australia na mag-franchise na lang sa Jollibee para hindi gaano mahirap kasi wala naman kaming background pa sa negosyo."

Ang mga PERONG 'yun ay siyang pumipigil sa mga OFW para ituloy ang balak magnegosyo kaya't lumilipas ang isa, dalawa o tatlong taon ay hindi pa makapagdesisyon ang isang OFW kung magnenegosyo nga ba o hindi.

Mas gusto nang tumira sa bansang pinuntahan

Marami rin sa ating mga kababayang OFW ang nagnanais na doon na lang sa bansang pinuntahan na pumirmi. Marami sa ating mga kakilala sa Canada na pinepetisyonan ang mga pamilya para magkakasama silang muli. Ito'y para maibsan ang pangungulila ng isang OFW sa pamilya at para maranasan naman ng kapamilya nila ang buhay sa ibang bansa. Makapaglaro sila sa snow sa Canada, mapasakay nila ang mga magulang nila sa bagong kotseng binili nila at ilibot sa buong California. Maipasyal ang mga anak sa Disneyland sa Hong Kong. At sasabihin nila, "Wala 'yan sa Pilipinas." Kaya't ang isang maaasahan sana ng bansa natin na tutulong para maiahon ang bansa natin, ay mawawala na dahil ang kikitai'y iikot na lang sa bansang kumupkop sa kanya.

Takot nang bumalik sa dating hirap sa buhay ang isang OFW

Sasabihin ng isang OFW, "Nakakamiss ang Pilipinas, pero kung uuwi ako ng Pilipinas, anong ipapakain ko sa sarili ko't sa pamilya ko?" Sa nakikitang karangyaan ng mga OFW sa ibang bansa, nagiging bangungot na sa kanila ang paglingon sa bansang pinanggalingan. Nakakatakot makipagsapalaran sa isang bansang walang maipapangakong maayos na trabaho, tahimik na kapaligiran, sapat na pagkain, malinis na pamamalakad sa bayan at walang maliwanag na hinaharap. At yan ang tingin ng mga OFW sa bansa natin.

Kayo, ano sa tingin n'yo ang mga dahilan kung bakit sa inaakala ng isang OFW na dalawang taong pamamalagi sa ibang bansa'y umaabot sa apat, walo, sampung taon hanggang sa ayaw nang bumalik dito sa ating bansa?

Sa mga gustong magbahagi ng mga karanasan sa buhay habang nasa abroad, ipadala lang po sa BUHAY OFW Dear Kuya Eli, ullessis@yahoo.com]



SEPTEMPER.indd Sec1:5 9/20/11 10:26:19 AM





Armineonila "Asriyah" M. is a Filipina poet, mixed-media artist, columnist and cartoonist who is currently based in Kuwait. She has been a feature story writer and opinion writer in English on Kuwait Times Daily and Friday Times since 2006. Presently, she is writing her weekly column in the Filipino language titled "Kikay's Ukay-ukay" and submitting weekly comic strips titled "Pat en Tero" in Filipino Panorama, Kuwait Times. While currently working on her collection of poems on migrant workers to be published in the near future, she is experimenting on tribal arts and calligraphy.

Nagpana-og ang Langit sa NAIA

Ni Armineonila "Asriyah" M.

Nadumduman mo pa bala
yadtong adlaw nga nagbaha
sang kasubo,
kag nagtagumatayon
ang yuhum sang mga pispis,
bangud nasilawan sanda
sang kasanag sang ila nga damgo?
Didto sa NAIA
nagtampad sa bulag
nga panan-awan
sang X-ray ang akon lawas,
ang akon panaad naghublas,
samtang ginpaduko sini
ang akon nga kalag:
wala guid nagtabang ang adlaw,
kag wala man ginsabat sang bulan
ang akon pagtamyaw sa duta,
samtang ginaulikid
sang stewardess ang pagbug-at
sang akon nga tikang...
ti, kay wala lang niya nahibaluan
nga ginpintalan dun sang panganod
ang akon nga kalibutan.

(Disyembre 2010)

Walis at Buhangin

Ni Armineonila "Asriyah" M.

Sa kanyang mga kamay –
Sa daliri, sa kuko;
Naglalarong buhangin
Ang dumaloy niyang mundo;

Kaibigan mang igham,
Ang galit; dalit; hikbi;
Walis lang ang kinaway,
Pasan-pasan ng ngiti;

Nang gintong alikabok,
Sa tingting kumawala,
Punyal kung sa paningin
Ng sikmurang tulala;

Habang haplos ng luha
Niyang sa lubid pumikit,
Ang buhangin na'y putik
Sa walis nang dumikit.

(Agosto 2011)

Tuyo ang Tinta

Ni Armineonila "Asriyah" M.

Inay –
Itong sulat ay hindi
Darating kung muling
Pupunasan 'yang ngiti;
Manhid kong palad
Na sa niebe'y bilad'y
Daungan ng huwad;

Kung ang ala-ala'y
kumanto sa Tondo,
sa gabi'y naglimlim;
sa Dingle gintubo
ang tangkay sang akon
nga damgo, nagbalhin;

Oras kung mangusap
Ang pagitan natin,
O, mahal kong inay;
Ang buwang naligaw,
Araw nang umidlip,
Sa puso ko'y buhay;

Sa dusa ng tinta
Sumanib ang sigla't
Bumulong sa hangin;
Dayuha'ng may hawak
Ng saknong, taludtod,
Bigo nang 'sinalin.

(Setyembre 2011)

SEPTEMPER.indd Sec1:6 9/20/11 10:26:21 AM

Ikaw ang Tula

Ni Armineonila "Asriyah" M.

Ang tulang ito
ay 'di laban sa'yo;
'di para sa'yo;
'di tungkol sa'yo;
bagkus,
ikaw, Makata,
ikaw ang tulang ito.

Ang tulang ito
ay 'di pluma sa papel;
'di papel sa karsel;
'di karsel ng libel;
bagkus,
ikaw, Makata,
Ikaw ang plumang anghel.

Ang tulang ito'y
mistulang kamao;
o 'di kaya'y bato;
maaari ding punglo;
pagkat,
ikaw, Makata,
ikaw ang simbolo.

Ang tulang ito
ay 'di sa bayan mo;
'di rin sa bayan ko;
bayang sati'y mundo,
bagkus,
ikaw, Makata,
ikaw ang bayang ito.

Sa'yo ang hukbo
ng nai-ritmong tugma;
pinipintig na talata;
pagsaling-titik sa kataga;
sapagkat,
ika'y sya ring pamagat;
ikaw ang tula, Makata,
ikaw ang madlang diwa.

Setyembre 2010
(A poem first published in "MAKA-BAYAN: Sa Ngalan ni Alexander Martin Remollino [1977-2010], Anthology #33: People's Literature, Vol. 2", ed. Alexander de Juan, 2010 Philippines)

Conquering the Sand

Ni Armineonila "Asriyah" M.

(A poem for a migrant father)"

In my restless mind
assemble shadows unfulfilled,
unfaded behind the curtains
of a memory of you;

I broom away the dusts
that stand between our years,
this solemn ground
your dreams have consumed;

The words you soak in tears
bespeckle within an envelop
that reached me beyond
an oceanful of sand;

So I dig into the heart
of courage you have sown
and keep that wondering youth
under the dancing mango tree;

At some point, I recover
a cadaver of visions
that was once shattered
by juvenile hysteria;

And sketch in the midst
of this dry mattress
a jamboree stolen away
by your fruits of vanity;

Now as you depart
the circuses of my mind,
like cotton candy you stand
toying with my innocence;

You speak only on behalf
of such distant warmth
and customs woven stale,
a tale strewn in secrecy;

Endearments yet unsung
drifted in humid air,
caught around a ring
that divided our souls;

Yet I refuse to sing
of barren nursery rhymes
which have dried out deep
inside your gilded luggage.

September 2010
(A poem first published in "KAYOD: Sa Ngalan ni Rio Alma, Anthology #6: Poems on Workers", ed. Alexander de Juan, 2010 Philippines)

Desert Song

Ni Armineonila "Asriyah" M.

Oh dune,
what's your alignment
in this arduous soil?
Do roaring decibels
mount your tongue
in the tune of a death march
to squeeze
unto undying armour of hope?
I eat the eyes that swallow you;
corrupt the minds which comfort you;
to feel how much you have grown
short; as stallions' scavenged zone.
Only as my heart reached harbour
that you planted scimitars here under
your fertile breath, that's weaving
some tapestry of arid thoughts.
Must I kill the spirits
that breed these lines,
or feed them again
with vintage spoons?
Still,
furnish me an oasis
of aged moons
or sit me amidst
oriental halls
and potent walls,
stirred by obscure hands
from afar.
Let me move at dwarf's length
to peer at your window
like you peer at mine;
so together, we watch
winged royalties in the sky;
flapping away imported dust
chewed on modern lips
that taste of strange champaign
which poisons the caverns within.
Oh, dune,
upon my frowning lamp
did I meet your faded ornaments;
but let me caress the hollows of your soul
and dent my mind
into you, for once,
as you rouse deep in my skin,
while I glare at your exotic eye
piercing through
my
ignorance.

July 2010
(A poem first published in "TAWA-YA: Sa Ngalan ni Lope K. Santos, Anthology #9: Poems on Nature", ed. Alexander de Juan, 2010 Philippines)

SEPTEMPER.indd Sec1:7 9/20/11 10:26:25 AM




Mga Relihiyon at Kultura 11th Series

Ang Dating Daan

Ang Mga Kaanib sa Iglesia ng Dios kay Kristo Hesus: Haligi at Saligan ng Katotohanan ay ang rehistradong pangalan ng organisasyon na ito na mas kilala bilang Ang Dating Daan dahil sa kanilang programa. Ito ay isang relihiyong Kristyanong pinamumunuhan ni Eli Soriano. Higit itong kilala sa kontrobersyal nitong programang pantelebisyon at pangradyo, Ang Dating Daan. Ang grupong ito ay hindi naglalabas ng kaukulang bilang ng mga miyembro pero ayon sa pangalawang tagapangasiwá nito na si Daniel Razon ay mababa sila sa dalawang milyon. Ang kanilang central na lokal ay sa McArthur Highway, Sampaloc, Apalit, Pampanga, Philippines. Dati rin nila ginamit ang pangalang Bayan ng Katotohanan, ngunit dahil sa pagiging internasyonal nila, kanilang ginamit ang Members Church of God International.

Ang kasalukuyan nilang pangunahing ministro si Eliseo Soriano ay nangangaral nasa ibang bansá. Hindi nila tinatanggap ang Doktrina Trinidad, kasama na ang maraming tradisyong Katoliko. Kilala bilang magprinsipyo at hindi matatawaran sa pagtataguyod ng mga katuwiran ng Diyos, ang Iglesia, na kilala rin bilang Iglesia ng Diyos kay Cristo Jesus, Haligi at Saligan ng Katotohanan na kilala na rin ngayon bilang Members of the Church of God International. Ang pumanaw na si Nicolas Antiporda Perez, Ka Perez, ang unang nangasiwa sa samahan.



Nang namatay si Nicolas Perez noong 1975, si Eliseo Soriano Y Fernando ang pumayapa sa samahan ng mga mananampalataya kung saan ang mga kaluluwa ay lubos na nalumbay sa hindi inaasahang pagkamatay ng tagapangasiwa. Sa kabila nang walang naitalagang kahalili, pinangalagaan ni Eliseo Soriano ang kawan at pinanatiling matibay. Itinuro niya na ang kamatayan ng tagapangasiwa ay hindi nangangahulugan ng pagkawasak ng iglesia. Dahil sa kasakiman sa kapangyarihan, ang kaniyang mga dating kasamahan ay nagkaroon ng masamang balak laban sa kaniya upang maglunsad ng pailalim na pagsira kay Eliseo Soriano sa gitna ng kapatiran.

Dahil dito, si Eliseo Soriano, kasama ang ilang daang tao, ay umalis agad sa grupo. Noon 1980, inirehistro nila ang Mga Kaanib Sa Iglesia ng Dios kay Cristo Hesus, Haligi at Saligan ng Katotohanan sa Pilipinas, itinalaga si Eliseo Soriano bilang tagapangasiwang pangkalahatan. Sa pangyayaring ito, ang hula sa aklat ni Zacarias ay natupad (Zac. 13:8-9). Habang ang samahan ay pinangangasiwaan ni Eliseo Soriano, umuunlad at lumalaki, ang dalawang samahan ay lumiit sa bilang, kasama ng mga malabo at hidwang aral.

Sa mga samahang ito, ang samahan ni Eliseo Soriano ang nakilala sa pagtataguyod ng mga "dating" bagay-ang mga bagay sa nakalipas. Ito ay nakilala sa pagtalima sa Diyos. Sa parehong paraan, ang mga tao ng Diyos ay sumunod sa kaniya nang matapat. Ang mga katangian ng tunay na bayan ng Diyos ay nagpatuloy sa samahang ito: matibay sa kaniyang paninindigan at walang kinatatakutan sa panghahawak sa katotohanan. Ang samahang ito ay nagpapatuloy sa pagpapalaganap ng mga katuruan ng Diyos sa buong mundo - sa kabila ng mga panghadlang ng mga kaaway mula sa ibang mga samahang panrelihiyon at ng pamahalaan.

Sa mata ng tao at ng Diyos, ang samahang ito ay nananatiling taglay ang tatak na inilagay sa mga puso at isip ng mga tao. Sa mga huling araw na ito, may nananatiling samahan na karapat-dapat sa pagtitiwala ng mga tao na mas kilala sa katawagang "Ang Dating Daan."

Kasalukuyan dumadami ang mga lokál na itinatayo ng iglesiya sa United States, Latin Amerika, Papua New Guinea, Portugal (bilang "O Camin-

SEPTEMPER.indd Sec1:8 9/20/11 10:26:27 AM

ho Antigo"), Espanya (bilang "El Camino Antiguo"), Indya, Timog Aprika, Saipan at Kanada.

MGA PANINIWALA. *Sila ay naniniwala sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang Ama, ang lumalang sa sanglibutan, kay Cristo, ang bugtong na Anak ng Ama, tunay na Makapangyarihang Diyos, ang tagapagligtas ng sangkatauhan at ang Daan patungo sa Kaharian ng Diyos sa langit (Gawa 14:15; I Cor. 5:5-7; Juan 14:6; 14:1). Sila ay nainiwala na ang Diyos ay hindi nakakapagsinungaling.*

Sila ay naniniwala na ang Bibliya o ang mga Banal na Kasulatan, na binubuo ng 66 kinasihang aklat, ay nagtuturo ng buong karunungan ng Diyos ukol sa kaligtasan ng tao at wala nang iba pang aklat ang nararapat gamitin upang maging batayan sa paglilingkod sa Diyos at kay Cristo Jesus (Roma 1:16-17; 2:16; Gal. 1:8-9; 2 Tes. 1:1-9; Juan 20:31; Isa. 34:16; Juan 5:39).

Sila ay naniniwala na ang Diyos na Ama ay isinugo ang kaniyang Anak na si Kristo, kasangkapan sa pagtatatag ng CHURCH OF GOD INTERNATIONAL, INC., ang samahan ng mga Apostol, Propeta, Guro, atbp; unang naitanim sa bayan ng Jerusalem, at kalaunan ay kumalat at ipinangaral ng mga Apostol sa iba't ibang bahagi ng Asya Minor (Mat. 16:18; Gawa 8:1; Gal. 1:22; 1 Test. 2:14).

Sila ay naniniwala na ang mga bayan ng mga Gentil kasama na ang Pilipinas, ay kabahagi ng pangako, ng BUHAY NA WALANG HANGGAN, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus at sa Evanghelyo at hindi pinayagan ng Diyos na MAGTATAG NG SARILI NILANG IGLESIA, subalit mga umanib at naging kasangkap ng Iglesia na nasusulat sa Evanghelyo sa pamamagitan ng pagtanggap at pagtupad ng mga aral na isinulat ng mga Apostol (Efe. 3:6; Col. 1:18; 1 Juan 2:25; 1:3-4; 1 Cor. 12:27; Awit 127:1; 1 Tim. 3:15).

Sila ay naniniwala na ang Diyos ay tumatawag sa Kaniyang mga tao na nagnanais na maglingkod sa Kaniya, inihahatid sila sa Kaniyang kawan, nagtuturo ng katuwiran matapos makatanggap ng bautismo sa kasalanan upang matakpan ng mahalagang dugo ni Cristo na nabubo sa bundok ng Kalbaryo, ukol sa katubusan ng kasalanan, upang sila ay maging karapat-dapat na magtamo ng buhay na walang hanggan sa langit (1 Cor. 1:9,2; Efe. 4:1,10,14; Gawa 2:38; Fil. 1:27; 1 Ped. 1:15-16; Efe. 2:10; 1 Tes. 1:1).

Sila ay naniniwala na si Cristo ay bumaba sa lupa mula sa sinapupunan ng Ama, nagbata ng paghihirap ukol sa katubusan ng kasalanan, namatay sa crus, muling nabuhay matapos ang tatlong araw, umakyat sa langit at naupo sa kanan ng Diyos.

Sila ay naniniwala na ang lahat ng mananampalatayang Cristiano ay nararapat na dumalo sa mga banal na pagtitipon na ginaganap ng mga nangangasiwa sa mga kaanib ng iglesiang ito tuwing unang araw ng sanlinggo, kung saan sila ay nararapat umawit, makinig, manalangin at magkawanggawa nang kusang loob ayon sa kanilang pananampalataya (Heb. 10:25; Gawa 20:7; 1 Cor. 14:28; Gawa 1:14; 1 Cor. 16:3; 2 Cor. 9:7-8, 12-13).

Sila ay naniniwala na ang pinakamahalagang tungkulin ng mga kaanib sa Church of God Intenational, INC. ay ipahayag ang Evanghelyo ni Cristo sa lupa hanggag sa katapusan ng mga panahon, sapagkat ang iglesia lamang ang makapagtuturo ng karunungan ng Diyos sa kaligtasan ng sangkatauhan (Lucas 8:1-3; Efe. 3:10; 2 Tim. 3:14-17).

[uaya](tl.wikipedia.org)



SEPTEMPER.indd Sec1:9 9/20/11 10:26:31 AM

ISYUNG PANGKALUSUGAN

Pagtanggap ng Dugo



Ang dugo ng tao ay binubuo ng likidong tinatawag na plasma, o likidong bahagi ng dugo, na naglalaman ng mga pulang selula ng dugo, puting selula ng dugo at platelets, o mga elemento ng dugo na tumutulong sa pamumuo ng dugo. Bawat bahagi ng dugo ay may espesyal na gamit. Maaaring mabigyan ang isang tao ng dugo o ng bahagi lamang ng dugo na kailangan, na tinatawag na mga produktong dugo.

Kasama sa mga produktong dugo ang:

PLASMA. Ito ang likidong bahagi ng dugo. Madalas itong ginagamit upang madagdagan ang dami ng dugo sa sistema pagkatapos ng pagkawalan ng maraming dugo. Ang cryoprecipitate ay isang malapot na pinang-gagalingan ng ilang mga protina ng plasma. Ginagamit ito upang gamutin ang ilang mga problema sa pagdurugo.

MGA PULANG SELULA NG DUGO. Nagdadala ang mga ito ng hangin mula sa mga baga papunta sa ibang bahagi ng katawan at pagkatapos ay dinadala ng mga ito ang carbon dioxide (o nagamit nang hangin) pabalik sa mga baga. Ang mababang bilang ng pulang mga selula ng dugo ay tinatawag na anemya. Maaaring kailanganin ang pagsasalin ng pulang selula ng dugo upang gamutin ang anemya.

MGA PUTING SELULA NG DUGO. Tumutulong ang mga ito upang labanan ang impeksiyon, mga bakterya at iba pang mga materyal na pumapasok sa katawan. Kapag masyadong bumaba ang bilang ng puting selula ng dugo, tinatawag itong Neutropenia. Maaaring kailanganin ang pagsasalin ng puting selula ng dugo upang gamutin ang Neutropenia.

PLATELETS, O MGA ELEMENTO NG DUGO NA TUMUTULONG SA PAMUMUO NG DUGO. Tumutulong ang mga ito upang mamuo ang dugo. Isinasalin ang mga elementong ito ng dugo kapag masyadong mababa ang bilang ng mga ito sa dugo.

ANG PAGSASALIN SA INYO NG DUGO. Ang pagsasalin ay isang paraan ng pagbibigay ng mga produktong dugo sa pamamagitan ng pagpapadaloy dito papunta sa karayom na nakatusok sa pasyente (intravenous [IV] catheter). Kayo at ang inyong doktor ang magdedesisyon kung kailangan ninyo ng dugo o mga produktong dugo upang pagalingin ang isang problema. Bago ang pagsasalin sa inyo, isang muwestra ng inyong dugo ang kukunin upang malaman ang tipo ng inyong dugo at maitugma ito sa dugo ng tagapagbigay. Tinatawag itong cross matching. Ginagawa ito upang mabawasan ang pagkakaroon ng reaksiyon. Kausapin ang inyong doktor kung nagkaroon na kayo ng isang reaksiyon o taluhiyang (allergy) sa anumang produktong dugo.

MGA PALATANDAAN NG REAKSIYON. Kahit na masusing itinutugma ang dugo sa tipo ng inyong dugo, maaaring magkaroon ng reaksiyon. Ang mga reaksiyon ay nangyayari lamang sa kaunting bilang ng mga tao na nakakatanggap ng mga produktong dugo. Kapag nagkaroon ng reaksiyon, maaari itong gamutin. Karamihan sa mga reaksiyon ay nangyayari habang tinatanggap ninyo ang dugo o mga produktong dugo o kaagad pagkatapos ng pagsasalin. Kasama sa mga palatandaan ng reaksiyon ang: Mga pamamantal o makating balat, Lagnat, Pangingiki, Pagkahilo, Sakit o kirot sa dibdib, Paghabol sa paghinga, Sakit sa likod, Sakit sa pinagturukan ng karayom

HABANG ISINASAGAWA ANG PAGSASALIN. Ang dugo ay ibibigay sa pamamagitan ng salaan sa isang tubo na nakakabit sa tubong daluyan ng dugo na nakakonekta sa inyong ugat (intravenous catheter). Ang pagsasalin ay maaaring magtagal hanggang apat na oras. Madalas kayong titingnan upang makita kung magkaroon ng reaksiyon o ibang problema. Titingnan ang inyong temperatura, pulso at presyon ng dugo. Sabihin kaagad sa inyong nars kung mayroon kayong anumang mga palatandaan ng reaksiyon habang isinasagawa ang pagsasalin sa inyo.

